Katotohanang kapag may nangyaring pagbabago sa pagdadasal [mula sa anumang] bagay,tunay na ipapaalam ko ito sa inyo,Subalit ako ay isang [ordinaryong] tao na katulad ninyo,nakakalimot ako tulad ng pagkalimot ninyo,at kapag nakalimot ako,ipaalala ninyo ito sa akin,at kapag nag-alinlangan ang isa sa inyo sa pagdarasal niya,pag-isipan niya ang tama at kompletuhin niya ito,pagkatapos ay magsagawa ng Taslem,pagkatapos ay magpatirapa siya ng dalawang pagpapatirapa.

`Ayon kay `Abdullah -malugod si Allah sa kanya-Nagsabi siya:pagpalain siya ni Allah at pangalagaan-Sinabi ni Ibrahim:Hindi ko alam,nadag-dagan ba o nabawasan-At nang siya ay nagsagawa ng Taslem sinabi sa kanya:O Sugo ni Allah,Mayroon bang nabago sa pagdarasal [mula sa anumang]bagay?Nagsabi siya: " At ano ang mga [bagay na]iyon? Nagsabi sila:Nagdasal ng ganito at ganito,Inupuan niya ang dalawang paa niya at humarap siya sa Qiblah,at nagpatirapa ng dalawang pagpapatirapa,pagkatapos ay nagsagawa ng Taslem,At nang iharap niya sa amin ang mukha niya,Nagsabi siya:((Katotohanang kapag may nangyaring pagbabago sa pagdadasal [mula sa anumang] bagay,tunay na ipapaalam ko ito sa inyo,Subalit ako ay isang [ordinaryong] tao na katulad ninyo,nakakalimot ako tulad ng pagkalimot ninyo,at kapag nakalimot ako,ipaalala ninyo ito sa akin,at kapag nag-alinlangan ang isa sa inyo sa pagdarasal niya,pag-isipan niya ang tama at kompletuhin niya ito,pagkatapos ay magsagawa ng Taslem,pagkatapos ay magpatirapa siya ng dalawang pagpapatirapa.

[Tumpak] [Napagkaisahan ang katumpakan]

Ipinapahayag sa Marangal na Hadith na ang Propeta-pagpalain siya ni Allah at pangalagaan ay nagdasal siya sa kanila ng dasal na nadagdagan niya ito o nabawasan,Tinanong siya ng mga kasamahan ng Propeta kung may nangyari ba sa pagdadasal na pagbabago? Sinabi niya sa kanila na kung mayroon mang nabago rito [mula sa anumang] bagay ay sasabihin niya sa kanila,Pagkatapos ay nabanggit niya na siya ay [ordinaryong] tao na katulad natin,nakakalimot siya sa pagdadag-dag niya sa Dasal o nababawasan niya,Pagkatapos ay binanggit niya ang panuntunan ng sinumang nakapagdag-dag o nakabawas sa Dasal sa

pagkalimot,Pagkatapos ay binanggit niya na siguraduhin ang bilang ng mga tindig pagkatapos ay kompletuhin niya kung ito ay may kulang o magatirapa ng dalawang pagpapatirapa na Sahwe pagkatapos ay magsawa ng Taslem mula sa dalawang [pagpapatirapa na] ito.

https://sunnah.global/hadeeth/tl/show/11232